



Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Habang hinaharap natin ang mga hindi pa naganap at humahanap ng mga solusyon para sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa panahon ng pambansang krisis sa kalusugan, nais naming kayo'y makasiguro na ang Anchorage School District ay nananatiling nakatuon para tiyakin na ang mga mag-aaral na may kapansanan ay may access sa programa ng edukasyon sa paaralan. Habang nagpaplano ang Distrito para sa pagpapatupad sa mga suportang pandagdag sa pagtuturo, kabilang dito ang mga mag-aaral na mayroong isang IEP (Individual Education Program) pati na rin ang mga mag-aaral na tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng Seksyon 504. Sa puntong iyon, nais naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito.

Pagpupulong ng IEP at 504

Lahat ng mga pagpupulong ng IEP at 504 ay gaganapin sa pamamagitan ng Zoom o telepono. Kokontakin kayo ng mga kawani upang matukoy ang pinakamahusay na paraan ng pakikipag-ugnay para sa mga serbisyong pagpupulong ng mag-aaral.

Online Distance Learning Model

Ang modelo ng online learning ay magbibigay ng aralin batay sa kasalukuyang mga pangangailangan ng inyong mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay maaaring makatanggap ng online o virtual na aralin, mga tawag sa telepono tungkol sa aralin, at iba pang mga gawaing pampaaralan batay sa kurikulum, pati na rin ang special education at related services na maaaring ma-access sa panahon ng distance learning ng distrito batay sa IEP ng inyong mag-aaral.

Sa pamamagitan ng pakikisali sa mga sesyon ng pangkat ng special education, sesyon ng tele-conferencing, pumapayag kayo bilang magulang/tagapag-alaga para sa inyong mag-aaral na makatanggap ng tagubilin sa mga sesyon ng pangkat kasama ang mga iba pang mag-aaral. Bilang karagdagan, sumasang-ayon din kayo na mapanatiling lihim ang lahat ng impormasyon ng mag-aaral na maaari mong malaman sa mga sesyon. Kung ayaw ninyong sumali ang inyong mag-aaral sa paraang ito dahil sa mga alalahanin na may kaugnayan sa pagiging kompidensyal, mangyaring makipag-ugnay sa guro ng special education ng inyong mag-aaral.

Mga Serbisyo ng IEP, kasama ang Related Services

- ☐ Makikipag-ugnay sa inyo ang koponan ng inyong mag-aaral sa linggong ito o maaga sa susunod na linggo upang magpasya tungkol sa kung anong serbisyo ang ibibigay sa inyong mag-aaral sa panahong ito ng distance learning.

- ☐ Sa pagpupulong na ito, magpapasya ang koponan kung paano haharapin ang mga layunin, gaano karami ang mga oras na ibibigay, at alin sa mga pamamaraan sa pagtuturo ang pinaka-angkop.
- ☐ Makakatanggap kayo ng Paunang Sulat Abiso (Prior Written Notice) pagkatapos maisagawa ang pagpupulong.
- ☐ Kung naniniwala kayo na kinakailangan ng pagpupulong ng IEP, mangyaring makipag-usap sa inyong koponan. Maari kang makipag-ugnay sa nangangasiwa ng Special Education para sa suporta kung kinakailangan.
- ☐ Kapag nagbukas muli ang mga gusali ng paaralan, lahat ng mga serbisyo na tinutukoy sa IEP ng inyong mag-aaral ay magpapatuloy.

Muli, nais naming suportahan ang aming mga mag-aaral at ang kanilang mga pamilya. Kung kailangan ninyo ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa inyong koponan sa paaralan o kaya sa Departamento ng Special Education (742-4236).

Bumabati,
Special Education Administration
Anchorage School District